# 1

Ang sarap ng pakiramdam niya nang mga oras na iyon. Nakapulupot sa kanya ang mga bisig ng lalaking itinitibok ng puso niya. Nakaupo sila sa dalampasigan. Kontento na silang nakatanaw sa dagat at dinarama ang malamig na simoy ng hangin. Para siyang idinuduyan habang kayakap ang lalaki.

Mayamaya ay nagsimulang yumuko nang dahan-dahan ang lalaki… papalapit ang mukha nito sa mukha niya. Natitiyak niyang anumang sandali ay sasayad na ang mga labi nito sa labi niya—

"Aray ko po!" Napaigtad si Joyce dahil sa biglang pagpreno ng driver ng bus na kinalululanan niya. Tumama tuloy ang nanunulis na nguso niya sa sandalan ng upuan sa harap niya.

*'Sus! Panaginip lang pala. Akala ko pa naman ay totoo na.*

Di-sinasadyang napalingon siya sa katabi niya sa upuan. Matamang nakatingin sa kanya ang lalaki. Tila nahihinuha na nito kung ano ang napanaginipan niya. Paano ba namang hindi nito mahuhulaaan iyon,

nanunulis ang nguso niya kanina habang nakapikit siya. Bigla siyang na-conscious.

Ni isang kataga ay wala itong sinabi. Nagpakawala lang ito ng isang mahina subalit nakakauyam na tawa, pagkatapos ay bumaling ito sa kabilang direksyon. Siya naman ay hindi pa rin malaman ang gagawin. Humarap na lang siya sa bintanang nasa kanyang tabi.

Pinag-iisipan niya kung dapat ba siyang makipag-inisan sa katabi o bale-walain na lang ang inakto nito. Sa huli ay pinili niyang dedmahin na lang ito. *Hmph! Hindi ko sisirain ang bakasyon ko dahil lang sa moron na ito.*

Moron? Tama nga bang kabitan niya ng ganoong brutal na term ang pagkatao ng lalaki? Mukha namang matino ito—tila may pinag-aralan at disente.

Sinimulan niyang suriin ang kabuuan ng estranghero. Nakapikit ito habang may nakapasak na earphone sa mga tainga. Maamo ang mukha nito kapag nakapikit. Hindi tulad kanina na mukhang hudas ang tingin niya rito.

Guwapo ito. Kahit na simpleng pantalong maong, t-shirt at rubber shoes lang ang suot ng

lalaki, kitang-kita naman na imported ang tatak ng mga iyon.

Mula sa mukha nito, bumaba ang tingin niya sa kabuuan nito. Tama lang ang built ng katawan nito. Napansin din niya ang mahahabang biyas nito. Sa tantya niya ay humigit-kumulang six feet ang height nito kapag nakatayo.

*Sayang ang lalaking ito. Guwapo pa naman sana kaya lang masama ang ugali,* naisaloob niya.

Napangiti si Joyce at muling naglaro ang imahinasyon niya. Naalala niya ang panaginip kanina. Kinilig talaga siya sa tagpong iyon. Sayang at hindi niya maalala ang mukha ng lalaki sa panaginip niya.

Pumikit siya muli at ini-enjoy ang biyahe patungong Batangas.

Sa tatlong taon niyang pagtatrabaho as full-time writer and researcher sa isang sikat na English magazine sa bansa, ngayon lang niya mararanasan ang makapagbakasyon at makalaya mula sa pressures na hatid ng trabaho niya.

Ang tatlong kaibigan niyang bakla ang humikayat sa kanya para mag-leave muna. Simula noong college ay kaibigan niya na ang tatlo. Si Bert

ay nagpalit ng pangalan at mas feel nitong tawagin itong 'Britney.' Si Patrick naman ay kilala na sa alyas na 'Paris.'

At ang higit na nakapagpatawa sa kanya ay si Lario. Noong una kasi ay iniisip niya na gagawa rin ito ng female name na malapit sa tunay na pangalan nito, katulad ng ginawa ng dalawa niyang kaibigan. Ang hula niya ay 'Lara' ang gagawin nitong pangalan kaya halos mamatay siya sa katatawa nang sabihin nitong 'Hillary' na ang name nito. Naloka siya roon.

Sa loob ng halos pitong taon, ang tatlong kaibigan niya ang naging kasa-kasama niya; pare-pareho silang nagtatrabaho sa iisang company. Pag-aari iyon ng tiyahin ni Britney kaya hindi na sila nahirapang makapasok doon.

At ngayon nga ay patungo na siya sa bakasyon niya sa Mindoro. Ang tatlong bakla ang nag-arrange niyon. Para raw magkaroon naman siya ng love life. Baka sakali raw na roon niya matagpuan ang kanyang *Prince Charming*.

Sa totoo lang kasi, kahit successful siya sa career ay nalulungkot pa rin siya. Iyon nga ay dahil wala siyang love life.

Maganda naman siya at sexy. Bukod doon,

matalino at mabait din siya. Plus, masaya siyang kausap at kasama. Marami nga ang nagsasabi na puwede siyang maging comedienne.

May mga manliligaw rin siya kaya lang it seemed na natu-turn off ang mga ito sa kanya after some time. Naa-adapt na niya kasi ang ugali ng mga kaibigan. Tinagurian nga siyang 'babaeng bakla' ng mga ito kapag nag-aasaran sila.

Ang mga damit niya ay madalas na maiiksi; iyong tipo bang kinulang talaga sa tela. Nilalagyan din siya ng tatlo ng kung anu-anong kolorete sa mukha at buhok.

Hindi lang doon nagtatapos ang pagiging 'babaeng bakla' niya, dahil pati mga salitang pambakla ay nagagamit na rin niya.

She sighed. Anyway, alam niyang ang lalaking para talaga sa kanya ay magagawang tanggapin ang mga iyon.

Ilang sandali lang at huminto na ang bus sa seaport ng Batangas. Mabilis na bumaba ang katabi niyang lalaki kaya hindi na ito naabot pa ng paningin niya.

Kaagad na siyang bumili ng ticket para makasakay sa RO-RO o Roll On-Roll Off. Ito ang

sasakyang-pandagat na maghahatid sa kanya sa Mindoro. Mayamaya lamang ay umandar na iyon.

Pumuwesto si Joyce sa kabilang dulo ng sasakyang-pandagat. Tuwang-tuwa niyang pinanood ang paghampas ng mga alon. Napapikit siya at nilanghap ang masarap na simoy ng hangin.

Mahilig talaga siyang mangarap kaya wala sa loob na nai-extend niya ang magkabilang braso. Pumosisyon siya na tila siya si Rose sa *Titanic*.

Ang hindi niya alam ay kanina pa may nagmamasid sa kanya. Ang lalaking nakatabi niya kanina sa bus!

*Nababaliw na yata ang babaeng ito*, naisip ni Carlos. *Sayang, maganda pa naman.* At sa tingin ng lalaki, mas okay kung hindi na siya maglalagay pa ng makapal na kolorete sa mukha. Naiiling ito habang pinagmamasdan siya.

Napansin nitong nakapikit pa ang dalaga habang hinahangin ang buhok. Lihim itong na-amuse sa nakita.

Pagkalipas ng halos isang oras lang ay nakarating na ang RO-RO sa Mindoro. Tumuloy si Joyce sa isang resort sa lalawigan. Ang tatlong kaibigan niyang bakla ang gumawa ng reservation doon para

sa kanya.

Hindi niya mapigilang mapasinghap sa sobrang paghanga sa paligid. Napakagandang pagmasdan ng white sand. Nanunuot sa balat niya ang init ng araw pero nakokontra iyon ng malakas na ihip ng hangin.

Dumerecho siya sa cottage niya at excited na nagpalit ng swimsuit. She chose her pink two-piece bikini. Bagay na bagay iyon sa kanya. She knew she looked gorgeous. Tiyak niyang luluwa ang mga mata ng mga lalaking makakakita sa kanya mamaya.

She was a mestiza. Namana niya sa ina ang kanyang balat. Hanggang baywang ang straight and shiny hair niya. Pinakulot niya lang ang dulo niyon so that she would look more sophisticated.

Ang higit pang nakapagpalutang sa ganda niya nang sandaling iyon ay ang hindi niya paglalagay ng kahit anong kolorete sa mukha.

Maraming tao ang nagsasabi sa kanya na maganda siya. Pero hindi niya ginamit ang kagandahan para makipagrelasyon sa kahit kanino. Nagkaroon na rin naman siya ng boyfriend but that was a long time ago; high school days pa.

Pagkatapos niyon, natakot na siyang

makipagrelasyon. Ayaw niyang magkaroon ng broken heart. Na-trauma na siya dahil ganoon ang nangyari sa parents niya. Kaya simula noon, hindi na siya nakipag-commit sa kahit kaninong lalaki. Friendly siya pero may limitasyon. Kumbaga, hanggang doon lang. No strings attached.

Sa loob ng mahabang panahon ay sa trabaho at sa tatlong kaibigang bakla lang umiikot ang buhay niya. Lalo pang tumibay ang bonding nila nang mamatay ang nanay niya na tangi niyang kasama sa buhay dalawang taon na ang nakakalipas.

Bahagyang nanubig ang mga mata niya nang maalala ang mga magulang. Hindi niya alam kung ano ang problema sa kanya. Pakiramdam niya ay hindi siya nababagay sa mundo, matapos mawala ang kanyang mga magulang. Pinaglalabanan lang niya ang pakiramdam niyang iyon sa pamamagitan ng pagiging masayahin at palabiro. Iyon ang ginagamit niyang defense mechanism para maka-survive sa mundong ginagalawan. Pinigil niyang umagos ang nagbabantang luha. Lumabas na siya ng cottage para malibang ang sarili.

# 2

Naglunoy kaagad sa dagat si Joyce nang makarating siya sa beach. Nag-aanyaya ang malinaw na tubig. Gaya ng inaasahan niya, napatulala ang mga taong nadaanan niya. Marahil ay iniisip ng mga ito na isang diyosa ang dumaan.

Pagabi na noon at hindi naman masyadong marami ang tao dahil hindi panahon ng bakasyon. Lalo siyang nag-enjoy dahil napaka-peaceful ng paligid. Nakakasiguro siya na dahil sa inspiring environment ay makakapagsulat siya mamaya ng story na puwede niyang ibahagi sa magazine nila. Aside from writing in English, she can also write efficiently in Filipino.

Pinili niyang lumayo sa lugar kung saan naroon ang mga tao. Matagal din siyang pabalik-balik sa paglangoy. Habang ginagawa iyon ay nagmumuni-muni siya. Pero ang pagmumuni-muning iyon ay naistorbo ng isang lalaking nakita niyang naglalakad patungo sa gitna ng tubig. Nakatalikod ito kaya hindi niya nakita ang mukha nito. Pero parang kilala niya ang built ng katawan nito!

Dere-derecho ito sa gitna ng tubig. Mukhang wala

sa sarili ang lalaki. Mataman niyang pinagmamasdan ang bawat kilos nito. Kalaunan ay tuluyan na itong nawala sa paningin niya. Lumubog na ito sa tubig.

"Sh*t!" ani Joyce nang maisip na maaaring suicide attempt iyon ng lalaki. Tiyak niyang sinadya nitong pumunta sa malalim na bahagi ng tubig at magpakamatay. She looked around. Naghahanap siya ng puwedeng tawagin para sumaklolo sa lalaki. But to her disappointment, wala nang tao sa malapit. Siguro ay nagdi-dinner na ang mga tao sa oras na iyon. Pati ang lifeguard ay hindi niya matanaw. Saka niya naalala na nasa malayong panig nga pala ang kinaroroonan niya kaya wala siyang makitang mga tao.

Wala siyang sinayang na sandali. Nagmamadali siyang lumangoy palapit sa lugar kung saan niya huling nakita ang lalaki. Sumisid na kaagad si Joyce para hanapin ito.

It took her some time bago niya natagpuan ang katawan nito. Nahirapan siyang iahon ito at dalhin sa dalampasigan. Pero dahil siguro nasa emergency situation siya, tumaas ang adrenaline niya at natulungan niya ang estranghero.

Mabilis ang impulses niya. Pagkalapag niya sa lalaki sa buhanginan ay kaagad niyang pinakinggan

ang tibok ng puso nito. Tiningnan niya rin kung humihinga pa ito. Nagulat siya nang makita kung sino ito. Ang lalaking nakatabi niya sa bus kanina!

Kahit naaantipatikuhan siya rito ay isinantabi niya muna ang pagkainis. Alam niyang kailangan nito ng tulong ngayon.

Namutla si Joyce nang maramdamang mahina na ang pulso ng lalaki. Pinilit niyang alalahanin ang mga itinuro sa basic life support seminar na dinaluhan niya a year ago.

She checked his throat for any obstructions. Tiningala niya ang ulo nito at itinaas ang baba. Ibinuka niya ang mga labi nito at binugahan ng hangin nang dalawang beses. Pagkatapos gawin iyon ay kinapa niya ulit ang ugat ng estranghero sa leeg. Mahina pa rin ang pulso nito. Lumuhod siya sa tagiliran nito, inilagay niya ang mga kamay—her left hand on top of the the right hand—sa dibdib ng lalaki, With a quick firm thrust, she pushed down. Paulit-ulit niyang ginawa ang rhythmic compression na iyon hanggang sa bumalik na ang normal na pulso at paghinga nito. Noon lamang siya nakahinga nang maluwag. She felt good na nakapagligtas siya ng isang buhay.

Nanlulupaypay siya sa pagod at stress na

idinulot ng pangyayari. Ang lalaki naman ay pinanunumbalikan na ng malay-tao.

"Gosh! I'm glad that you're conscious. Akala ko talaga matutuluyan ka na," aniya habang nakatingin dito.

"So you saved my life?" tanong nito sa mahinang tinig.

"Yeah," maikling sagot ni Joyce. She gave him a sweet smile.

"Sinabi ko ba sa iyo na sagipin mo ako? Dapat pinabayaan mo na lang ako. Hindi ko kailangan ang tulong mo o ng kahit sino. I want to die! Sinira mo ang plano ko!" nanggigigil na turan ng kausap. Sa nababanaag niyang galit at disappointment sa mukha nito, hindi mahahalata na kanina lang ay halos mamatay ito.

Nag-init naman ang kanyang ulo sa narinig. Na-confirm na niya ngayon na tama ang hinala niyang sinadya nitong magpakalunod.

"Hoy, Mister! Napaka-conceited mo pala. I should have known that earlier para hindi na kita sinagip sa suicide attempt mo. But what can I do? Isa lang akong tao na marunong tumulong sa nangangailangan." Napataas na ang boses niya sa

inis.

"Sinagip mo ba talaga ako dahil may compassionate heart ka or gusto mo lang akong halikan? Come on, be honest," nangungutyang tugon nito.

"Napakayabang mo! Ngayon lang ako naka-encounter ng taong katulad mo. Hambog, walang utang-na-loob at bastos!" Pagkasabi niyon ay tumalikod si Joyce; akmang aalis na. Pero napigilan siya ng tila bakal na kamay ng lalaki. Mahigpit na nakahawak iyon sa braso niya. Hinila siya nito kung kaya napaupo siya sa buhangin.

Hindi niya inaasahan ang gagawin nito—hinalikan siya nito nang marubdob. God, iyon ang first kiss niya!

Natikman niya man ang labi nito kanina sa mouth-to-mouth resuscitation ay hindi niya iyon sinasadya. Dala lang iyon ng pangangailangang maisalba ang buhay nito.

Pero ngayon, ibang usapan na. Ito na mismo ang humahalik sa kanya. Nanginig ang mga tuhod ni Joyce at napapikit siya. Nadala siya ng lalaki. Kung kanina ay para itong lantang gulay habang sinasagip niya, ngayon ay tila napakalakas nito at

nasa ilalim na siya ng kapangyarihan nito.

Nang maramdaman nitong natatangay na siya sa halik nito, bigla siyang binitawan ng lalaki.

Muli ay nang-uuyam ang ngiti nito sa kanya. "Ngayon mo i-deny na hindi mo gustong halikan ako. Pare-pareho lang naman ang mga babae, mga manloloko at sinungaling."

She stood up after regaining her composure. "I don't know kung sino ang nagbigay sa iyo ng ganyang impression pero 'wag mo sanang i-generalize dahil unfair iyan. Ngayon, if you want to drown yourself again, go ahead. Bahala ka na sa buhay mo!" mariing turan niya.

Tila naman naaliw ang lalaki dahil sa nakikitang pagkaasar niya. "By the way, my name is Carlos Martin. Don't forget my name, Miss Savior."

Hindi na siya lumingon. Tuluyan niyang tinalikuran ang buwisit na lalaki. Nawalan na siya ng ganang maglangoy.

SA LOOB ng cottage ay hindi mapakali si Joyce. That was the very first time na may lalaking humalik sa kanya. The kiss almost made her lose her

consciousness. Aaminin niya, physically attracted siya sa lalaki. Pero kapag naaalala niya ang magaspang na ugali nito, naiinis talaga siya.

Ipokrita si Joyce kung sasabihin niyang hindi niya nagustuhan ang paghalik nito. Pero hindi sa ganoong paraan ang pinangarap niyang first kiss. Ang gusto niya ay iyong ideal… iyong romantic at may halong pagmamahal.

Hindi siya mapakali hangga't hindi niya naise-share sa mga kaibigan ang nangyari sa kanya. Kinuha niya ang cellphone at tinawagan si Britney.

"Hey, girlaloo! Bakit napatawag ka? How's your vacation?" anito sa kabilang linya.

"Friendship, I have something to tell you. Natuka na ako," sa mahinang tinig ay sambit niya. Hindi niya tiyak kung malinaw iyong narinig ng kaibigan.

"What do you mean na natuka? May manok ba diyan sa beach, lola?" tila napapantastikuhang tanong nito.

"Brit, what I mean is natuka na ako. In other words, nahalikan na." Nahihiya siyang mag-open dito, pero kailangan niyang mailabas ang nararamdaman dahil kung hindi ay maloloka siya talaga.

"What! Sino ang gumawa noon? Don't tell me na may nakita ka nang papa diyan. Ang bilis naman! Sasabihin ko agad ito kina Paris at Hillary. That's good news, darling." Halata ngang tuwang-tuwa ito sa nalaman, base sa boses nito.

"I'll tell you, Brit. Pero promise me na hindi ka muna magre-react until I finish the story."

"Promise!" tugon ni Britney.

Isinalaysay niya nga rito ang buong pangyayari, mula sa engkuwentro nila ng lalaking nagngangalang 'Carlos' sa bus hanggang sa resort. At ang huli nga ay ang ginawa nitong paghalik sa kanya.

Napatili ang kaibigang binabae pagkatapos niyang magkuwento. "At least, nabinyagan ka rin. Naku, apat na tayong hindi virgin. Hindi ka na out of place ngayon sa amin. Teka, i-describe mo naman si Carlos."

"Loka ka talaga. Virgin pa rin po ako, 'noh! Kiss lang naman iyon, eh. Anyways, papable talaga siya. Mukhang boyfriend material. Pero mukhang malaki ang hinanakit sa mundo, eh. Sa tingin mo ba, magugustuhan niya ako kahit mukha akong babaeng bakla?"

"Siyempre naman, sister! Lahat na ng katangian

na gugustuhin ng isang lalaki sa isang babae ay nasa iyo na. Naku, kung naging tunay lang akong lalaki, ikaw ang liligawan ko. Kaya lang hindi tayo talo, eh. Katawan ko lang ang lalaki pero ang puso ko ay babaeng-babae.”

Natawa si Joyce nang malakas sa sinabi ng kaibigan. Mayamaya lang ay nakigulo na rin sina Paris at Hillary sa usapan nila. Inaagaw ng mga ito ang cellphone ni Britney at nakikipagbiruan din sa kanya. Katulad ng una ay nagtitili rin ang dalawa nang malaman ang nangyari sa pagitan nila ni Carlos.

Malulutong na tawa lang ang maririnig sa kuwarto niya. Sa tuwina ay napapahalakhak siya sa mga kakulitan ng tatlo. Hindi niya akalaing ang pakikipag-bonding sa tatlo through phone ay mamasamain ng taong nasa katabing cottage niya.

Kumatok pa ito sa pinto. “Miss! Baka naman puwedeng pakihinaan ang pagtawa mo. Nakakairita kasi sa tainga. Ang ingay-ingay! Nakakaistorbo sa mga nagpapahinga na,” untag ng boses-lalaki mula sa labas ng pinto niya.

Natameme si Joyce kaya nagpaalam na sa mga kaibigan. “Friends, mamaya ulit tayo mag-usap. May kakausapin lang ako sa labas. ’Bye.”

Binuksan niya ang pinto para harapin ang maangas na lalaking bumulabog sa pakikipag-usap niya sa mga kaibigan sa cellphone.

"Hoy—" Natigil siya sa sasabihin nang makita kung sino ang nakatayo sa labas ng cottage niya. Si Carlos na naman!

"Oh, no. I don't know kung malas lang ako talaga. Naku, maaga akong tatanda pag ikaw ang lagi kong nakikita. Gosh! Nagkaka-wrinkles na yata ako. Wait lang, titingnan ko nga kung puti na ang hair ko," exaggerated na sabi ni Joyce.

"Miss, 'wag kang OA. Masama bang punahin ka paminsan-minsan?" Humalukipkip ang kausap.

"Paminsan-minsan? You call that 'paminsan-minsan'? Eh, lagi mo nga akong pinupuna. Para bang wala na akong ginawang tama. Ikaw ang spoiler sa bakasyon grande ko sana," masungit na bulalas niya.

"Okay, I'm sorry. I didn't mean to be rude. May problema lang talaga ako kaya mainitin ang ulo ko. At nagkataon naman na laging nagkukrus ang landas nating dalawa. Ikaw tuloy ang napapagdiskitahan ko." Tila natauhan ang lalaki at naging malumanay ang pagsasalita nito.

"Okay, apology accepted. Pero, please lang,

patahimikin mo na ako. No more sarcasm na sana and destructive criticisms, please…”

“Okay then. Pero puwede ko bang malaman muna ang name mo?” he asked in a moderate tone. Wala na ang nang-uusig na tono nito kanina.

“’Wag mo nang alamin. Bumalik ka na sa room mo. P’wede ka nang magpahinga dahil hindi na ’ko mag-iingay,” she said in a cold manner. Siya naman ang nagtataray ngayon.

“It only means na hindi mo pa ako pinapatawad. Give me your name, then I’ll leave. Please. Wala namang masama, di ba?” he pleaded.

“Sige, you win. I’m Lukresia Jacinto. Lukring for short. Masaya ka na?”

“Is that your real name? Hindi bagay sa iyo. You’re too pretty for your name,” di-kumbinsidong sambit nito.

“Wow! After one hundred years, nakarinig din ako ng kahit isang papuri mula sa iyo. Hindi yata ako makapaniwalang sinabi mong pretty ako. But I’m sorry to disappoint you; iyon talaga ang name na ibinigay sa akin ng mga magulang ko. Bata pa lang kasi ako, nakita na nila na parang may sayad ako sa utak. Iyon ang history ng name ko.” Pigil na

pigil niya ang sarili na magtawa dahil sa nakikitang reaksyon ng lalaki sa mga sinasabi niya.

"I see. Sa totoo lang, you are pretty, Lukresia. Salamat nga pala sa pagsagip mo sa buhay ko. Now, I'm on my way to moving on," sinserong pahayag nito.

"Good for you, Carlos." Wala siyang maapuhap na ibang sasabihin kundi iyon. Naninibago kasi siya sa nakikitang panlulumo ng lalaki. Para bang natalo ito sa isang laban at handa nang sumuko.

"Puwede ba tayong magkita mamaya? Sabay na tayong mag-dinner. Iyon ay kung hindi ka pa kumakain. Sa tingin ko ay wala ka namang kasama, so let's get acquainted at para na rin makabawi ako sa ginawa mong pagtulong sa akin." His eyes held hers. At hindi niya kayang tanggihan ang matiim na tingin nito sa kanya.

"Sure. Walang problema iyon sa akin," pagsang-ayon ni Joyce. "Nakakalungkot din nang walang kasama at hindi ako sanay sa katahimikan dito. Sanay ako sa maingay na environment,"

"That's great. See you then, Lukresia." Nakangiti itong lumisan.

Pag-alis ni Carlos ay hindi na niya mapigilang

matawa. Pero this time, kinontrol niya na ang boses at pinilit na huwag iyong mapalakas. Natatawa siya dahil halata sa mukha ng lalaki na naniwala nga ito na 'Lukresia' ang pangalan niya.

Hindi naman niya intensyong pagtripan ito kaya lang ay natuwa siya nang makita ang expression ng mukha nito. Pinanindigan na niya ang kalokohan. Kahit naman ibang pangalan ang sinabi niya, totoo ang kanyang apelyido. At 'Lukresia' rin ang tawag sa kanya ng mga kaibigan kapag nag-iinisan sila.

Nagbihis si Joyce para matigil sa katatawa. Pakiramdam niya talaga ay nakaganti siya sa mayabang na lalaki. Totoo naman sa loob niya ang pagpapatawad dito pero hindi roon nagtatapos ang lahat. She must get even… kahit sa simpleng pagtitrip lang.

Ilang minuto ang lumipas at kumakatok na ito sa pinto ng cottage niya. Naka-plain shorts and sando lang ito pero hindi maitago ang lakas ng sex appeal. Nagulat ito pagkakita sa kanya.

"Makapal na naman ang makeup mo at ang dami mo na namang accessories. Lukring, hindi tayo pupunta sa party. Maglalakad lang tayo sa tabing-dagat. Natuwa pa naman ako n'ung makita kita sa beach kanina na walang kolorete. Sa bus kasi ay

medyo ganyan din ang hitsura mo. Ang kaibahan lang, mas malala ngayon."

"Ang dami mong sinabi. P'wede ba 'wag mo muna akong i-judge. Ganito talaga ang personality ko, eh. This is how I express myself. Kung ikinakahiya mo akong kasama, hindi na lang ako sasama sa iyong lumabas. Dito na lang ako sa room ko," kunwari ay nagtatampong pahayag ni Joyce.

"Oops, sorry na. Hindi ko ulit sinasadya. Sinasabi ko lang 'yung opinion ko. Halika na, labas na tayo, Lukring. Doon na tayo mag-bonding sa labas." Giniya na siya nito palabas ng cottage.

Lihim siyang napangiti dahil sa kapilyahan niya. Siguradong hindi mag-e-enjoy si Carlos at tiyak niyang maiirita ito sa presence niya.

Nagtungo sila sa isang maliit na kainan. Habang umo-order si Joyce ay nagpapa-cute siya sa lalaking kumukuha ng order niya. Sigurado siya na mapapahiya si Carlos. Alam niyang kahihiyan para sa isang katulad nito ang magkaroon ng kasamang mukhang flirt na kagaya niya.

Naalala niya ang sinabi nitong pare-pareho lamang ang mga babae. Natitiyak niyang umasta man siya nang maayos ay siguradong paninindigan

pa rin nito ang paniniwalang iyon.

Naramdaman niyang nagtagumpay siya dahil mukhang naiinis na ang binata sa pambabale-wala niya rito at sa patuloy niyang pagpapapungay ng mga mata sa waiter.

"Can you please stop staring at him? Naiirita kasi ako. I feel uncomfortable dahil sa ginagawa mo. I thought we'd have a quality time, pero nagkamali ako," hindi na nakatiis na pagpuna nito sa kanya.

"Excuse me, I'm just being friendly. Wala kang karapatan na pagbawalan ako. You're not my boyfriend, not even my asawa," matapang na sagot ni Joyce.

"But I'll soon be," he uttered.

"Ha? What do you mean by that?" she clarified. Hindi niya alam kung tama ba ang narinig niya mula sa bibig nito.

"Never mind. Wala akong sinabi. Kumain ka na lang mabuti para makaalis na tayo rito. Doon na tayo sa tabing-dagat para masolo ko naman ang atensyon mo."

# 3

"Lukring, ilang taon ka na? Do you have a boyfriend? What's your occupation?" sunud-sunod na tanong ni Carlos. Tapos na silang kumain noon at naglalakad na sila sa tabing-dagat.

Napangiti si Joyce at amused na napatingin siya sa binata. "Slum book ba ito? Parang nasa high school days ulit ako, ah. But anyway, I'm twenty-four, single and available. I'm working as a writer."

"Wow, that's great. Writer saan?" Halatang fascinated ito sa narinig.

"'Wag mo nang alamin. It's not interesting. Ikaw naman ang magkuwento about yourself," pag-iiba niya sa usapan.

"Well, as I've said, I'm Carlos Ram Martin. Martin is my surname. Marami kasi ang nag-aakalang part iyon ng first name ko. I'm twenty-seven, an architect and…" nagpakawala ito ng hininga, "I'm heartbroken at this time." Naging malungkot na naman ang expression ng mukha nito.

"Hmm… sinabi ko na nga ba. Is that the reason why you were trying to kill yourself?"

Matagal bago sumagot si Carlos na tila pinag-isipan pa nito kung dapat bang sabihin sa kanya ang totoo.

“Yes, it is,” anito mayamaya. “Alam mo ba, five years na kaming magnobyo ni Meryl. We were happy. Kasama na siya sa lahat ng plano ko sa buhay. I was faithful to her. But a few days ago, natuklasan ko na may iba na siya,” he narrated.

“You mean, may boyfriend siyang iba while you were still together?” paglilinaw ni Joyce.

“Nakakahiya mang aminin pero tama ang sinabi mo. Namangka siya sa dalawang ilog. I was so devastated. Pakiramdam ko, gumuho ang lahat ng pangarap ko,” he confessed na tila napakalaki ng tiwala nito sa kanya.

Napatangu-tango siya. “Now, I understand you. Kaya pala pati ako ay nadadamay sa hinanakit mo sa buhay. Hindi kita masisisi. I could tell that you really love her. Pero hindi solusyon ang pagpapatiwakal, Carlos. Lalo ka lang pagtatawanan ng ex mo pag nalaman niyang naging mahina ka. Be strong. Life goes on.” Hinawakan niya ang balikat nito. Umaasa siya na sa ganoong paraan ay mababawasan ang kinikimkim nitong hinanakit.

"Tama ka. I was such a fool. Alam kong masakit talaga at matagal pa bago ako makaka-recover pero right now, I'm willing to give it a fight. Ang gusto ko lang ay isang tao na makikinig sa akin. Thank you kasi nariyan ka." For the first time ay nakita ni Joyce ang binata na nagpakawala ng isang genuine smile. Kitang-kita ang mapuputi at pantay-pantay na ngipin nito.

"I'm listening. Sabihin mo sa akin lahat ng gusto mong sabihin para ma-ventilate 'yung negative feelings mo. But before that, I have a confession to make," ani Joyce.

"Ha? Ano iyon?" curious na tanong nito.

"Sa totoo lang, hindi talaga 'Lukresia' ang name ko. Naiinis lang ako sa ugali mo kanina kaya naisip kong makipaglaro na rin sa game mo. Pero mali pala ako sa pag-judge sa iyo. Ngayon, nauunawaan na kita. Galit ka ba?"

"Nope, di ako galit. Pero kung hindi 'Lukring' ang pangalan mo, ano ang real name mo?" confused na tanong nito.

"I'm Joyce Jacinto. Call me 'Joyce' from now on," she said in a soft voice.

"Mas bagay sa iyo iyan. Kasing-ganda mo."

Nakangiti ulit ito sa kanya. Gusto niyang kiligin sa tuwing ngingitian siya ng lalaki.

"Okay. Ngayon, palagay na ang loob natin sa isa't isa. Puwede mo nang ituloy ang pagkukuwento ng mga hinanakit mo. Kunwari ay ako si Ate Charo," biro niya para hindi nito mahalata ang nararamdaman niyang kilig.

"Nagpa-cute ka na naman. Hindi bagay sa iyong maging Ate Charo. Sige, ikukuwento ko na…" paglalahad nito.

Sa gabing iyon ay halos isinalaysay na ni Carlos ang buong buhay nito. Pakiramdam naman ng babae ay dati pa niyang kakilala ang binata. Kung totoo nga na nagre-reincarnate ang mga tao, malamang ay magkakilala at close talaga sila nito sa past life nila.

Namalayan na lamang niya na may nakasungaw na luha sa mga mata ng kausap. Sa tingin ni Joyce ay kailangan nito ng makakapitan kaya hindi siya umiwas nang yapusin siya nito. Sa balikat niya, hinayaan nitong kumawala ang lahat ng tinitimping hinanakit.

Matagal din sila sa ganoong posisyon; magkayakap lamang. Kung may makakakita sa kanila

ay malamang iisipin niyon na may namamagitan sa kanila.

Nang mahimasmasan ay nakangiti na ang binata. “It’s done. Puwede na siguro akong mag-let go.”

“I know, the pain is still there. But I’m sure makakaya mo iyan. May process ang paghilom ng nasugatang puso. Darating ang panahon na matatanggap mo rin ang lahat,” she assured.

“I know. With your help, I’m sure I can get over her,” determinadong pahayag nito.

NAGING MASAYA ang gabi nila. Lumipas pa ang ilang araw at sila pa rin ang magkasama. Enjoy talaga si Joyce sa bakasyong iyon. Hindi niya namalayang three weeks na pala silang namamalagi sa mala-paraisong lugar na iyon. Todo bonding sila. Kuwentuhan to the max, kulitan at swimming na walang humpay.

Sa tingin niya ay unti-unti nang nakaka-move on si Carlos. Kapag kasi napapag-usapan ang insidente ng pagtatangka nitong magpakamatay ay tinatawanan na lang nito ang bagay na iyon.

After three weeks ay nag-decide sila pareho na i-extend ng isang linggo pa ang bakasyon nila. Siguradong pagbalik nila sa Maynila ay magiging super busy na sila at baka matagal bago maulit ang pagbabakasyon.

Super close na talaga sila ng lalaki. Feeling niya ay isa rin ito sa mga kaibigan niya na tanggap siya sa kung anumang pagkatao niya. Carlos knew almost everything about her except her family background. Hindi pa siya handang mag-open sa kahit na kanino tungkol doon.

Naiintindihan naman ito ng bagong kaibigan. Basta raw handa na siyang mag-open ay all-ears itong makikinig sa kanya. They trust each other that much kahit na sandali pa lang silang magkakilala. Sa katunayan nga ay pinapahiram siya lagi ni Carlos ng laptop na dala nito para makapag-check siya ng e-mail niya every now and then. He even gave her his password.

Kapag inaatake siya ng kapilyahan ay pinapakialaman niya ang e-mails ng binata. Alam niyang unethical iyon pero ayon naman kay Carlos, ayos lang iyon. Wala naman daw masyadong nag-e-email dito maliban sa mga kasamahan sa trabaho. At pulos tungkol sa projects nila ang mga iyon. Wala

raw personal mails doon.

Pero nang minsang buksan niya ang e-mail nito ay nakita niya sa inbox na may message si Meryl, ang ex nito. Tahimik niyang binasa ang nilalaman niyon.

*Carlos Dear,*

*I know you're still angry with me. Please forgive me. Gusto kong magpaliwanag sa iyo pero hindi ko kayang harapin ka. Hindi ko kayang makita ang nanunumbat na tingin mo. I do love you, Carlos. The truth is… hindi ko talaga mahal si Johnny. Pinilit ako nina Dad na makipagrelasyon sa kanya at soon ay ipapakasal na kami. It's because of the business, as usual.*

*I want to fight for you pero hindi ko magawa. They threatened me. Lahat ng projects mo ngayon, mawawala sa iyo kapag hindi ako sumunod sa kanila. I don't want you to lose your dreams. Please tulungan mo ako. Ngayon lang ako nagkaroon ng lakas ng loob para sabihin ito sa iyo. I'm sorry and*

*I love you.*

*PS: I'll be there in Mindoro to follow you. Expect me the soonest time possible. I'm on my way there now. Sinabi ng mommy mo ang exact location mo diyan…*

Binundol ng kaba ang dibdib ni Joyce. Alam niyang kapag nabasa ni Carlos ang e-mail ng dating kasintahan ay walang pag-aatubili itong makikipagbalikan. Alam niyang matimbang pa rin dito ang babae. Gusto niyang maiyak. Bakit ngayon pa nangyari ang ganoong bagay? Kung kailan mahal niya na si Carlos. Sa maikling panahon ng pagkakakilala nila ay na-in love na siya rito. Alam niyang wala siyang laban. Kung ikukumpara sa tatlong linggo nila ay wala iyong binatbat sa limang taon na pinagsamahan ng dalawa.

Nababahala talaga siya sa ipinagtapat ni Meryl. Sa bandang huli ay mas pinili niyang burahin na lang ang mensahe nito. Pero bago iyon ay kinopya niya muna iyon sa e-mail niya. Gusto niyang mabasa ang sulat na iyon kapag dumating ang panahon na kailangan niya ng wake-up call… kapag sumobra na ang kahibangan niya kay Carlos. Pero sa ngayon, hahayaan niya munang maging masaya siya sa

piling ng binata—kahit saglit lamang… kahit walang kapalit.

# 4

Kanina pa hindi mapakali si Joyce sa higaan niya. Biling-baligtad siya sa pagkakahiga. Alam niyang mali ang gagawin niyang hakbang pero kailangan niyang maging matatag. Kailangang ituloy na niya ang plano dahil nakasalalay roon ang kaligayahan niya.

Nanginginig ang mga tuhod na bumangon siya. She wore her robe over her seductive nightie made of thin material. Hindi na siya nagsuot ng underwear. Magkatabi lang ang silid nila ng binata kaya palagay ang loob niya na magsuot ng ganoon ka-daring na pantulog.

Ngayong gabi, nakahanda siyang ialay ang sarili kay Carlos. Iyon ang plano niya. Pero hindi iyon basta-basta na pagbibigay lang ng sarili at pag-ibig. May hidden agenda pa siya. Alam niya na nasa resort na rin sa mga oras na iyon si Meryl. Tiyak na pupuntahan nito si Carlos sa cottage nito. Kaya itataon niya na nandoon siya sa kama ng lalaki kapag nangyari iyon. Sa gayong paraan ay magkakasira na nang tuluyan ang dalawa.

Sinuot niya ang kanyang flip flops at lumabas na

si Joyce ng cottage niya. Ang tinatahak ng mga paa ay ang patungo sa tinutuluyan ni Carlos. Pagtapat niya sa nakasaradong pinto ng cottage nito ay marahan siyang kumatok. Ilang sandali lang ay bumukas na ang pinto nito. Iniluwa niyon ang binata. Pupungas-pungas ito, halatang nagising niya mula sa pagtulog.

"Hey, ano'ng ginagawa mo rito?" Halatang nagulat ito nang mabungaran siya. Sinipat nito ang kabuuan niya.

"Uhm... puwede ba akong pumasok sa loob?" Halos pabulong ang pagkakasabi niya noon.

Wari ay natauhan ito at niluwangan ang pagkakabukas ng pinto. "Sure. P'asok ka."

Umupo siya sa bakanteng upuan doon. Nati-tense talaga siya at nahihiya.

"Gusto mo ba ng maiinom or anything?" basag nito sa namamayaning katahimikan.

"Huwag na. Carlos, hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa. Gusto ko sanang m-makapiling ka k-kahit ngayong gabi lang." Nagsusumamo ang tinig niya.

"Are you serious, Joyce?" Nakakunot ang noo nito; pilit inaarok ang sinseridad niya.

"Yes. And I'm not out of my mind." Tumayo

siya at mabagal na lumapit dito. Inilapit niya ang kanyang mukha sa mukha nito.

Hindi na nakapagpigil pa ang binata. Nasa harap niya na ang nag-aanyayang labi ni Joyce. Isang mainit na halik ang iginawad niya roon. Ang halik na iyon ay higit na umalab at lumalim.

Sa larangan ng paghalik ay masasabing hindi pa bihasa ang dalaga, pero madali niyang nakabisado iyon sa tulong ng mga labi ni Carlos.

Nang saglit na nagkahiwalay ang mga labi nila ay parang binuhusan ito ng malamig na tubig.

"Sh*t! What have I done? Hindi ko sinasadya. 'Wag ka sanang magalit sa akin kung natukso akong halikan ka."

"You don't have to explain. Ginusto ko rin naman." Habang sinasabi iyon ay hinuhubad na niya ang roba.

Natulala ang binata nang makita ang katawan ni Joyce na aninag sa manipis na pantulog. Napalunok ito. Hindi na pinatagal ni Joyce ang paghuhubad ng mga saplot. Kaagad niyang sinunod na tanggalin ang nightie niya. At nalantad sa nag-aapoy na mga mata ni Carlos ang buong kahubdan niya.

Sa pagkakataong iyon ay hindi na ito nakapagpigil. He grabbed her waist and kissed her soft lips hotly. Halos sambahin niya ang kaniig. Hinalikan niya halos ang buong katawan nito. Kung gaano kalaki ang paghanga niya sa kahubdan ni Joyce ay gayundin ang dalaga sa kanya.

Nang maramdaman niyang handa na ito, isinakatuparan niya ang pag-iisang katawan nila. At hindi niya magawang ipaliwanag kung gaano siya kasaya nang sandaling iyon.

"I'm sorry kung nasaktan kita," malumanay na sambit ni Carlos. Tapos na ang silakbo ng damdamin. Hinahagod niya ng mga daliri ang mahabang buhok nito. Nakaunan ito sa kanyang balikat habang ang mga braso niya ay nakapulupot sa baywang nito.

"It's okay. Masaya naman ako," she whispered.

"You're very adorable, Joyce. Oh, my sweet, innocent Joyce." He kissed her hair.

"Don't call me 'innocent'. Hindi na ako inosente ngayon. At may inosente ba na nangse-seduce?"

"Shh... 'wag mong sabihin iyan." Umiling ito. "I think marami pa tayong dapat pag-usapan. I-discuss na natin iyon ngayon para malinaw ang line of communication natin."

"'Wag muna," kontra ni Joyce habang pinaglalaro ang mga daliri sa dibdib ng binata. "May umaga pa naman. Sulitin natin ang oras ngayon dahil baka hindi na ito maulit."

This time, naging aggressive na si Joyce. Siya na ang humalik kay Carlos. Dahil sa ginawa niya, nabigyang-daan ang panibagong paraan ng pagtuklas sa kaligayahan. Paulit-ulit silang nagpakasaya nang gabing iyon hanggang sa mapagod sila at makatulog.

Hatinggabi nang maingat na bumangon siya mula sa higaan. Dahan-dahan ang naging kilos niya para hindi magising si Carlos. Alam niyang dumating na si Meryl. Narinig niya ang kaluskos kanina sa bandang pinto pati ang pagpihit sa seradura at ang pagbukas niyon. Hindi niya kilala nang personal ang dating nobya ni Carlos kaya wala siyang katibayan na ito nga ang pumasok kanina. Pero malakas ang kutob niya na tama ang kanyang hinala.

Sinadya niyang iwan na hindi naka-lock ang pinto ng cottage. Sinadya rin niyang magpanggap na tulog. Ang ipinagpapasalamat niya lang ay hindi nag-eskandalo ang babae. Dahil kung nagkataong nagwala ito, hindi niya marahil malalaman kung paano niya iha-handle ang sitwasyon.

Sinubukan niyang matulog pero hindi siya

dinalaw ng antok. She felt the guilt. Ayaw siyang patahimikin ng konsyensya niya. If that was the price of what she did, parang gusto niya nang pagsisihan ang lahat. Tahimik siyang napaluha…